



# INLAND REGIONAL CENTER

...pinapahalagahan ang kalayaan, inklusyon, at empowerment

P. O. Box 19037, San Bernardino, CA 92412-6127

Telepono: (909) 890-3000

Fax: (909) 890-3001

Setyembre 13, 2022

Kagawaran ng Mga Developmental na Serbisyo

1215 O Street, MS 8-20

Sacramento, CA. 95814

(916) 651-6309

[OCO@dds.ca.gov](mailto:OCO@dds.ca.gov)

G. Cruz:

Inisumite ng Inland Regional Center (IRC) ang liham na ito sa Kagawaran ng Mga Developmental na Serbisyo (Department of Developmental Services o DDS). Alinsunod sa tagubilin, magsasagawa ang IRC ng pulong para sa input ng publiko tungkol sa mga resulta ng Personal na Survey ng National Core Indicators (NCI) para sa Piskal na Taon 2020-21. At inatasan din ang IRC na magsumite ng ulat tungkol sa pulong para sa input ng publiko sa kagawaran sa loob ng animnapung araw ng nasabing pulong. Ang direktibang ito ay alinsunod sa Seksyon 4571(h)(1) ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon (Welfare and Institutions (W&I) Code) na nag-aatas sa bawat rehiyunal na center na taunang maglabas ng data na kinolekta sa mga survey ng NCI sa isang pampublikong pulong ng namamahaling lupon nito para matasa ang kumparatibong performance ng rehiyunal na center at tukuyin ang mga kailangang pagbabago sa mga serbisyo para sa mga consumer, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga serbisyo sa pamamahala ng kaso.

Noong Hulyo 5, 2022, nag-post ang IRC ng abiso na nagpapaalam sa mga kliyente, pamilya, tauhan, at miyembro ng komunidad tungkol sa pulong para sa input ng publiko sa Setyembre 12, 2022. Naka-post ang pulong para sa input ng publiko sa mga platform sa social media ng IRC noong Hulyo 13, 2022, Agosto 2, 10, at 22, 2022, at muli noong Setyembre 12, 2022. Nasa newsletter din ng IRC ang pulong na ipinadala sa higit 7,500 subscriber sa English at Spanish noong Agosto 16, 2022.

Ang kumpletong ulat ng Personal na Survey ng National Core Indicators (NCI) para sa Piskal na Taon 2020-21 ay naging available para sa pagsusuri sa aming mga platform sa social media at sa page na [inlandrc.org/accountability](http://inlandrc.org/accountability).

Noong Setyembre 12, 2022, nang 6:00 pm, naganap ang isang pulong para sa input ng publiko sa pamamagitan ng Zoom. Dinaluhan ang pulong ng isang magulang ng isang kliyente ng IRC at ng Kagawaran ng Developmental na Serbisyo (Department of Developmental Services o DDS). Kabilang sa panel ang Manager Community Engagement, IT Manager, Consumer Service Tech III Community Engagement, Deaf and Hard of Hearing (D/HH) Cultural Specialist ng IRC, Direktor ng Mga Serbisyong Pangkomunidad, Chief Financial Officer, at 1:40 Caseload Program Manager.

Nagbibigay ang IRC ng mga serbisyo sa interpretation ng Spanish at American Sign Language (ASL) para sa mga dadalo gamit ang pondo ng Access sa Wika at Kakayahang Kultural (Language Access and Cultural Competency o LACC). Hindi dinaluhan ang meeting ng mga miyembro ng komunidad ng D/HH o mga nagsasalita ng Spanish.

Pinanood ng mga dumalo ang isang tatlungupong minutong PowerPoint presentation sa pagtatasa ng IRC sa data na kinolekta mula sa Personal na Survey ng NCI para sa Piskal na Taon na 2020-21. Pagkatapos ng presentation, hiniling sa mga dumalo na magbigay ng input. Walang input na ibinigay.

Inanunsyo ang susunod na pulong ng NCI matapos ang input ng publiko at gaganapin ito sa Nobyembre 14, 2022, nang 6:30 pm sa Zoom. Ipapakita sa pulong ang pagtatasa ng Survey sa Guardian ng Pamilya ng NCI 2019-2020 at magbibigay-daan ito para sa input ng publiko.

Habang nakikipag-usap sa tauhan ng IRC, inihayag na maliit ang dami ng sample na 401 para sa Personal na Survey ng NCI para sa Piskal na Taon 2020-21. Isa pang alalahanin ang kawalan ng mga kliyente na gumagamit ng ASL bilang kanilang pangunahing wika sa proseso ng survey. Walang kliyente na nagsasalita ng ASL o tinukoy na bilang D/HH ang kasama sa survey. Inihayag din ng Espesyalista ng D/HH sa Kultura ng IRC na walang kakulangan sa kakayahang kultural ng mga materyal sa marketing ng ASL para maengganyo ang komunidad ng D/HH na lumahok nang sapat.

Huli, masyadong pangkalahatan ang mga resulta. Halimbawa, "Nakakatanggap ang mga pamilya/miyembro ng pamilya na may mga kapansanan ng sapat o nakasisiyang suporta." Kung kaya nagtataka ang IRC sa kung kanino nasisiyahan ang mga kliyente. Hindi palaging tinatanong ng survey ng NCI ang mga tamang tanong sa tamang populasyon. Halimbawa, sa California, kung saan malaking populasyon pa rin ang naninirahan sa bahay ng pamilya, tinatanong nila, "may susi ka ba " o "nagamit mo ba ang internet."

Tinukoy ng IRC ang ilang positibong trend sa data. Kilala ng mga kliyenteng na-survey ang kanilang Coordinator ng Serbisyo sa Consumer (Consumer Service Coordinator o CSC) at maaari silang makipag-ugnayan dito. Dagdag pa rito, 65% din ng mga kliyenteng na-survey ang nakatira sa isang a matatag na kapaligiran sa higit 5 taon. Higit pa rito, 98% ng mga kliyente ang hindi gumagamit ng produktong nicotine o mga tabako.

Ipagpapatuloy ng IRC ang pakikipag-ugnayan sa mga kliyente at hikayatin sila na sumali sa proseso ng survey ng NCI kapag may pagkakataon sa pamamagitan ng paggamit sa inlandrc.org at social media. Patuloy na isasagawa ng Komite sa Pag-abiso sa Kliyente (Client Advisory Committee o CAC) ng IRC ang mga lingguhang virtual na pulong. At personal na isasagwa ng IRC CAC ang kanilang taunang pagpaparehistro ng botante, taunang halalan, at klase sa mga karapatan ng kliyente sa 2023.

Sumasainyo,

Lavinia Johnson  
Ehekutibong Direktor

Copy: Nancy Bargeman, DDS  
Brian Winfield, DDS  
Nikisia Simmons, DDS